



MGA SERYE SA PAGPIGIL NG KRIMEN NG PUWERSA NG PULISYA SA NSW

Protektahan ang iyong identidad

Pagnanakaw ng Sulat

Ang modernong buhay ay tungkol lahat sa madaling akses at kaginhawaan para sa kustomer. Kabilang dito kung paano tayo tumatanggap at nagpapadala ng mga kalakal at impormasyon.

Ang mga bagay gaya ng mga credit card, mga lisensya ng drayber at mga utility statement na ipinapadala sa koreo ay may mahalagang personal na mga detalye mo at ng iyong pamilya.

Sa kamay ng masasamang tao, ang ilan sa mga impormasyong ito ay maaaring gamitin upang lumikha ng pekeng identidad at gamitin ito sa krimen. Ang ganitong uri ng krimen ay nagkakahalaga ng milyun-milyong dolyar bawat taon at maaaring maging sanhi ng pagkawasak ng iyong reputasyong pinansiyal.

Sa pamamagitan ng pagsunod sa ilang mga simpleng tip na ito magagawa **nating lahat** na protektahan nang mas mabuti ang ating mga sarili mula sa ganitong uri ng krimen.

Gawing ligtas ang iyong sulat

- **LAGING** magkabit ng mailbox na puwedeng ikandado.
- **LAGING** gumamit ng de-kalidad na kandado sa iyong mailbox.
- **HUWAG** hayaang mapuno o umapaw ang iyong mailbox.

Protektahan ang iyong sulat

- **LAGING** ayusin ang pagkolekta ng mga bagong credit card mula sa bangko o post office.
- **LAGING** ipatabi ang sulat sa post office o ipakolekta sa isang kaibigan kapag ikaw ay mawawala nang matagalan.
- **LAGING** kunin ang iyong sulat araw-araw.

Protektahan ang iyong identidad

- **LAGING** mag-ingat sa 'paglalako sa telepono (cold-calling)' at laging kumpirmahin kung sino ang kausap mo.
- **HUWAG** magbigay ng anumang mga detalyeng personal sa mga taong hindi mo kilala o pinagkakatiwalaan.
- **LAGING** makipag-ugnayan sa iyong bangko, institusyong pinansiyal o service provider kung sa tingin mo ikaw ay kinontak ng isang madarambong.

Kung may nalalaman kang ninakaw na sulat at ginagamit upang lumikha ng mapanlinlang na identidad, mangyaring kontakin ang Crime Stoppers sa 1800 333 000 o online sa www.crimestoppers.com.au

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagpigil ng krimen bisitahin kami sa www.police.nsw.gov.au



Justice



Triple Zero (000)

Para sa mga emerhensiya o mga sitwasyon na nalagay ang buhay sa panganib.



Police Assistance Line (131 444)

Para sa mga hindi emerhensiya.



Crime Stoppers (1800 333 000)

Sa pagbigay ng impormasyon sa krimen, maaaring hindi magpakilala.